**Sino ang Lumansag sa Lunday ni Lola Basyang?**

“Nawawala si Lola Basyang!” Ito ang bukambibig ng mga tindera sa merkado at naging laman ng bali-balita. Ang aling dating kay sigla, na daig pa ang pipit sa dami ng kuwento, ay naglaho raw na parang bula. Bulung-bulungan din na namangka siya sa hindi matiyak na araw at paglipas ng mga taon, hindi na siya namataan pa. Ako man ay napaisip din sa ganitong mga sitsit subalit ganito rin naman ang pagkakakilala ko kay Lola Basyang—mahilig siyang mamangka.

Nagugunita ko pa noon na pinapatulog ako ng aking ina gamit ang sabay naming pagbasa sa mga katha ni Lola Basyang. Isa roon ay tungkol sa mahiwagang biyolin na habang tumutugtog ay sinasaliwan ng pagbaba ng talukap ng aking mga mata. Nadama ko noon ang pananagwan niya sa aking haraya. Maingat niyang hinawan ang tubig ng aking isipan gamit ang kanyang gaod habang siya ay nakasakay sa lunday. Sa tulong naman ng lunday, nakarating siya sa mas malalim kong imahinasyon upang sagwanin ang nahihimbing kong diwa patungo sa masayang pagtatapos ng kuwento. Laking gulat ko nang muling umangat ang aking mga talukap; umaga na pala.

Nasilayan ko na rin siya sa haraya ng aking mga nakababatang kapatid, habang ang kanilang babasahin naman ang nagsilbing gaod ni Lola Basyang sa pagsagwan sa agos ng kanilang mahiwagang isipan. Panay rin ang kanyang pamamangka sa imahinasyon ng aking mga kalaro at kamag-aral sa tuwing sila ay may binabasang mga pambatang aklat. Madalas ko siyang masilayan noon, subalit sa mga lumipas na araw, buwan, at taon, hindi ko na siya muli pang namalas. Naging katotohanan ang mga bali-balita. Mayroong lumansag sa kanyang lunday na nagsanhi upang hindi na siya makapamangka at magpalutang-lutang na lamang sa gitna ng laot kung saan siya

naglaho. Ito ay sa laot ng isipang katatagpuan ng mga alaalang kumukupas. Nanganganib siyang maanod at mabura sa mga gunita ng nakaraan at kasalukuyan. Susubukan kong muling likhain ang lunday at tutuklasin kung sino ang lumansag nito.

"Ang aklat ay kasangkapan upang pag-alabin ang imahinasyon." Tinuran ito ng manunulat na si Alan Bennett. Pinagninilayan ko ang siping ito sapagkat maaari itong makapagbigay-linaw kung bakit naglaho si Lola Basyang. Marahil, sa unti-unting pagkupas ng pagmamahal ng bawat mamamayan sa mga aklat at sa pagtingin na ang mga ito ay kumpol lamang ng mga papel na sapilitang ginagamit sa paaralan, dahan-dahan ding kumupas ang kanilang paglilibang gamit ang mga ito; na sinusundan ng pagkupas ng harayang dapat sana ay nalilinang sa pagbabasa.

Ngunit alam ko na, ikaw ang may sala! Ikaw na kabataang nilamon ng modernisasyon. Lumaki ka sa pagsulat at pagbasa ng abakada sa munting aklat na galing sa iyong ina, subalit nang matuklasan mo ang mga kagamitang elektroniko ay halos nakalimutan mo ang iyong pinagmulan. Nabighani ka sa kadaliang hatid ng pagpindot sa *cellphone* at *computer* at kasabay nito, nawili ka sa *social media sites* na kinalaunan ay naging libangan mo. Bagama't nakapagbabasa ka pa, ito naman ay sa *Wattpad* na hindi rin nakabubuti sa pagsasanay at pagpapayabong ng wikang Filipino ni pagkatuto ng *lingua franca*. Sa pagpapatuloy pa nito, nakaligtaan mo na ang pagbabasa ng mga aklat at nakapag-ambag ka sa pagkalansag ng lunday ni Lola Basyang.

Batid kong hindi maiiwasan ang pag-unlad ng Pilipinas kaya ang mismong suliraning ito ay nararapat lamang na maging kalutasan kaysa maging kasamaan. Katulad nga ng aking isinalaysay kanina, malaki ang impluwensya ng *social media sites* at *internet* sa mga kabataan ng kasalukuyan. Magagamit ito upang maikampanya ang

iba't ibang uri ng mga aklat at magkaroon ng mas madaling komunikasyon sa pagpapaabot ng kahalagahan at mga tulong ng pagbabasa. Maaari rin silang mahikayat sa tulong ng mga litrato at mga *video* na makapagpapakita kung papaano sila makararating sa mundo ng kahiwagaan at kaalaman sa pamamagitan ng aklat. Lahat ito ay maaaring maisagawa sa masining na paraan, sa tulong ng teknolohiya.

Sa pagninilay-nilay ko, naghinala na rin akong baka sila ang lumansag sa lunday. Sila, mga nakatatandang mamamayan, na hindi magawang maglaan ng panahon sa mga aktibidad kaugnay ang aklat. Sa dami ng kanilang iniisip, ginagawa at hanapbuhay, hindi na nila nagugugol ang kahit katiting na oras upang basahan ng aklat ang kanilang mga batang anak. Dahil bihira na ang kaugaliang pagbabasa, hindi na namumulat ang karamihan ng mga kabataan sa aklat. Nabago rin ang kanilang pananaw sa mga ito bilang mga bagay na hindi kawili-wili at sapilitang gamit lamang sa paaralan. Ito ang paliwanag kung bakit sila, mga nakatatanda, ang gumiba sa lunday ni Lola Basyang. Hindi na tuloy niya maipananagwan pausod ang mga aral at kulturang Pilipino.

Naniniwala akong sa pag-uumpisa sa aking sarili, susunod ang aking pamilya, ang aming komunidad, at marahil, ang bansa. Ito ang sanhi kung kaya't sisimulan ko muna sa aking sarili; sa pamamagitan ng pagmamahal sa pagbabasa at pagsasabuhay sa mga aklat. Babasahan ko rin ang aking mga nakababatang kapatid, pinsan at mga kalaro upang maaga silang mamulat sa kabutihang dulot ng mga ito. Bukod pa rito, ipatatanto ko rin sa mga kabataang mali ang konotasyong nakababagot ang pagbabasa. Maaaring totoo ito pagdating sa mga aklat na pampaaralan, lalo na sa agham at matematika. Subalit, hindi lahat ng mga aklat ay nakababagot; ibabahagi ko sa kanila ang iba't ibang aklat na mayroon ako upang matagpuan nila ang mga kuwentong tutugma sa kanilang

mga kagustuhan at makaaaliw sa kanila. Sa sari-saring *genre* ng mga aklat, tiyak akong may babagay sa bawat batang natatangi sa isa't isa ang personalidad.

Matapos ang pag-iisip, bigla akong nabagabag. Dali-daling dumaloy sa akin ang pakiramdam ng pagkakasala. Mali ako; hindi pala batayan ng pagiging malinis ang pagiging inosente. Wala naman akong ginawa at tiyak kong nakapagbabasa ako ng mga aklat. Ngunit, iyon ang aking pagkakasala—wala akong ginawa. Hinayaan ko lamang ang mga dukhang kabataan na walang kakayahang magkaroon ng aklat. Ipinagsawalang-bahala ko ang pagka-maaari na hindi pa sila nakahahawak ng makikinis na pahina ni nakalalanghap ng nakaaadik na halimuyak ng bagong aklat. Ako ang sanhi kung bakit hindi sila nakapagbasa. Ako ang lumansag sa lunday.

Sa pagkakamaling ito, nagnilay ako sa mga nagawa ko na noon. Hindi ko sila mahihikayat kung puro lamang ako salita at pangangampanya; kinakailangan na ng tunay na pagkilos. Nagunita kong nagkaroon ang aming pangkat sa paaralan ng mga *advocacy project* na pinamagatang *"Project Library"* at *"Project Tulakbay"* noong mga nakaraang taon. Ang pangunahing layunin ng mga ito ay makapag-abot ng kaalaman sa mga kabataang kapos-palad sa pamamagitan ng mga aklat at kariton. Sinabayan namin silang bumasa at sinalaysayan din ng mga kuwento. Subalit, sa isang pagkakataon pa lamang akong nakibahagi rito at ito ay batid kong hindi sapat. Sa tingin ko, pinakamahalaga ito sa mga nararapat kong gawin. Muli akong makikibahagi sa aming proyekto at sisikapin kong iugnay ito sa pagsulong ng pagbasa para sa mga kabataan. Sa pagkilos na ito, iba't iba ang maaari naming magawa para maturuan at hikayatin pang bumasa ng mga aklat ang mga kabataan; payak na pagkilos sa mas malaking pagbabago.

Sa patuloy kong pagbabasa at pagkagiliw sa mga aklat, natuklasan kong may mga bagay pa akong hindi nababatid tungkol kay Lola Basyang. Ang kanyang lunday pala ay ang pagmamahal at kagustuhan ng bawat kabataan sa mga kuwento na nag-uusad sa kanya sa isipan ng bawat tao; ang gaod naman ay ang mga salaysayin at aklat na tumutulak sa kanya upang patuloy siyang manatili sa alaala; at si Lola Basyang ay siya palang buod ng bawat paglalakbay sa aklat tungo sa mahika, kaalaman at mga aral—siya ang ating haraya na namamangka sa ating isipan.

Anaki nalansag na ang lunday, ang ating kagustuhang bumasa, kaya't unti-unti na ring naglaho si Lola at ang mga hatid niyang aral at kultura. Subalit, hindi pa huli ang lahat; sapagkat ako, kabilang sa mga kabataang Pilipino, ay muling magpapaningas sa nag-aalab na kagustuhang bumasa ng bawat kabataan. Gagawin ko ito sa pamamagitan ng paggamit sa modernisasyon at teknolohiya sa pangangampanya, pagsisimula sa aking sarili, at pakikilahok sa mga proyektong makapagsusulong sa pagbabasa. Kung maibabalik mang muli ang pagmamahal sa pagbasa, muling mabubuo ang ating imahinasyon at magigising ang pagiging bata sa ating puso. Gayundin, matutugunan ang pagkauhaw ng ating isipan sa mga bagong karunungan, mapalalaganap ang literaturang Filipino at magiging masigla ang sarili nating wika. Pagsulyap sa hinaharap, mapapanatili ang mga aral, kultura at kaalamang atin-lamang na nagmula pa sa ating mga ninuno. Hindi maglalaho ang alin man dito; bagkus, sa tulong ng pagbabasa at mga aklat, maipapasa natin ang mga ito sa mga susunod pang henerasyon.

Sino nga ba ang lumansag sa lunday ni Lola Basyang?

Ikaw, sila, o ako? Tayo; subalit tayo rin ang muling bubuo nito.